**El Fili Mo To (El Filibusterismo Modyul sa PagkakatuTo): Paglalapat ng Lokalisado at Sistematikong Paraan ng Pagtuturo sa Pagpapataas ng Antas ng Pang-unawa ng mga mag-aaral sa akdang El Filibusterismo**



**MARIA LIGAYA D. DUMLAO, LPT**

**Teacher III**

**Mamplasan National High School**

**ABSTRACT**

Ang aksyong saliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo ng pamosong akdang El Filibusterismo para sa mga piling mag-aaral mula sa ika-sampung baitang ng Mamplasan National High School.Nagsagawa ang guro ng pagtataya sa pamamagitan ng pagbibigay ng magkaparehong panimula at panapos na pagtataya sa dalawang pangkat na may tig labing apat na mag-aral (*Controlled Group* at *Experimental Group*), ang guro ay nagtalakay ng nobela sa labing apat na mag-aaral na kabilang sa *controlled group* nang naaayon sa kanilang LeaP kung saan ang paraan ng pagtatalakay sa bawat kabanata ay nakabatay sa kasanayang pampagkatuto sa bawat linggo samantala sa *experimental group* naman ay gumamit ng modyul na likha ng guro kung saan ang pagkakahanay ng bawat kabanata ay naaayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito. And dalawang pangkat ay binigyan ng magkaparehong panimula at panapos na pagsusulit upang mataya ang kaibahan ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na nagmula sa dalawang pangkat. Matapos maisagawa ang pagsusulit ay makikita batay sa resulta na may malaking pagkakaiba ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na nabibilang sa magkaibang grupo. Dahil dito nirerekomenda ng guro na mas mainam ang pagtuturo ng nobela nang naaayon sa pagkakasunod sunod ng bawat kabanata upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang ideya, konsepto at mensahe ng nasabing nobela.

***Keywords:*** *El Fili Mo To, El Filibusterismo Module*

## Konteksto at Rasyonal

Ayon kay Gat. Jose P. Rizal "Upang mahinuha natin ang kapalarang ng isang bansa, nararapat lamang na balikan ang nagdaang mga pangyayari nang maihatid nang wasto ang mga mahahalagang detalye ng kasaysayan" Ang pag-aaral ng kasaysayan ng isang bansa ay mahalagang salik upang mas maunawaan ng mga mamamayan ang kalagayan ng bansang kanyang kinabibilangan. Isa sa mga naging kontrobersyal na akda ng mga panahong tayo'y sakop ng mga Kastila ay ang pamosong akdang El Filibusterismo na naglalayong ipakita ang sitwasyong ng ating Inang Bayan nang mga panahong iyon, kaugnay nito naniniwala ang guro na mahalagang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto at ideya ng akdang ito dahil ito ay sumasalamin sa mahahalagang pangyayari ng ating bansa.

Bahagi ng pag-aaral sa asignaturang Filipino sa ika sampung baitang ang nobelang El Filibusterismo, ang kabuoan ng ikaapat na markahan ay tumatalakay sa akdang ito, subalit ayon sa Gabay ng Kurikulum na inilabas noong Mayo 2016 at sa Budget of Work na inilabas nitong panahon ng pandemiya ay nagsasaad na ang pagtalakay sa nobela ay batay sa mahalagang kasanayan na kung saan ang pagtuturo ng akda ay hindi naaayon sa pagkakasunod sunod ng bawat kabanata na nagiging sanhi ng kalituhan at hindi lubusang nauunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto at mga pangyayari sa nobela, lalo't isa rin sa salik ng hindi pagkakaunawa ng mga mag-aaral ay ang modyular na pamamaraan ng pag-aaral ngayong panahon ng pandemiya.

Napakahalaga na lubusang maunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto at ideya ng akdang kanilang pinag-aaralan. Dahil dito ay naniniwala ang guro na mas karapat dapat na ang pamamaraan ng pagtuturo ng isang akda lalot higit kung ito ay nobela ay sa paraang pagkakasunod sunod ng bawat kabanata at hindi ang pamamaraang lakdaw-lakdaw. Habang ang aksyong saliksik na ito ay isinasagawa kitang kita ng guro ang malaking pagkakaiba sa antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral na nabibilang sa magkaibang pangkat. Matapos ang masusing proseso ng aksyong saliksik na ito ay natukoy ng guro ang kahalagahan ng pagtalakay ng akda sa paraang sunod-sunod upang mas naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga pangyayari at nauunawaan ang pagkakatulad nito sa kasalukuyang sitwasyon ng ating bayan.


Ang masusing pagtalakay sa nobelang El Filibusterismo ay may malaking maitutulong sa pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kalagayan ng ating Inang Bayan sa panahong ang nobela ay naisulat. Higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang isang nobela kung ito ay tatalakayin ng naaayon sa pagkakasunod sunod ng bawat kabanata sa halip na palakdaw lakdaw at paulit ulit sa ilang piling kabanata. Makatutulong ang ganitong pamamaraan upang mas mabuhay ang interes ng mga mag-aaral na pag-aralan ang akda sa kadahilanang mas nauunawaan nila ang kaugnayan ng mga pangyayari sa bawat kabanata at malaya nilang maihahalintulad ang mga pangyayaring ito sa kasalukuyang sitwasyon ng ating bansa.

## Paraan ng Pangangalap ng Datos

Batay sa disensyon ng Gabay Pangkurikulum na inilabas ng Kagawaran hinggil sa pagtalakay ng akda, ito ang naging batayan ng guro upang isagawa ang aksyong saliksik na ito.Ang reasulta ng aksyong saliksik na ito ay masusing sinuri

Ang mga materyales na ginamit sa aksyong saliksik na ito ay ang modyul na mula sa LEAP na siyang ginamit ng mga mag-aaral sa kasalukuyan kung saan ang mga kabanata ay nakaayos batay sa kasanyang pampagkatutong nais malinang sa mga mag-aaral at ang modyul na sariling disenyo ng tagapagsaliksik kung saan ang paraan ng pagtalakay ay nakabatay sa tamang pagkakasunod sunod ng bawat

kabanata na naayon din sa kasanayang pampagkatuto.




**Pagsusu**

Ang proseso ng pangangalap ng mga datos ay masusing sinunod ng tagapagsaliksik

**Panimulang Interbensyon**

1. Ang tagapagsaliksik ay humingi muna ng permiso sa ulong guro ng paaralan upang maisagawa ang aksyong saliksik na ito.
2. Matapos ang aprobasyong ito ay namili na ang tagapagsaliksik ng mga piling mag-aaral mula sa ika-10 baitang mula sa 6 na magkakaibang seksyon
3. Matapos makapamili ng mga mag-aaral ay nagbigay ang guro ng liham sa mga magulang upang masiguro na ang mga mag-aaral na ito ay may permiso mula sa kanilang mga magulang
4. Matapos makakuha ng permiso mula sa mga magulang ay nagsimula na ang tagapagsaliksik na ilunsad ang kanyang aksyong saliksik

**Interbensyon**

1. Ang saliksik na ito ay isinagawa ng guro sa dalawang pangkat
2. Ang kontroladong pangkat ay binigyan ng guro ng modyul mula sa LEAP kung saan ang pagkakahanay ng bawat kabanata ay nakabatay sa MELC na nais maisakatuparan sa bawat linggo samantalang ang nasa eksperimentong pangkat ay binigyan ng modyul na sariling disenyo ng mananaliksik na kung saan ang pagkakahanay ay nakabatay sa tamang pagkakasunod-sunod ng bawat kabanata
3. Matapos ang pagtalakay gamit ang dalawang magkaibang pamamaraan ay sabay sabay silang kumuha ng Panapos na pagsusulit

**Panapos na interbasyon**

Matapos ang Panimula at Panapos na pagsusulit ay agad itong iniwasto upang makuha ang *mean score* ng dalawang pangkat at ito ay isinagawa sa tulong ng guro sa Matematika.

**Pagtatalakay ng Resulta at Repleksyon**

**A. Resulta ng Pananaliksik**

Matapos ang masinsinang pagsusuri sa resulta ng aksyong saliksik na isinagawa, makikita ang malaking kaibahan sa resulta ng dalawang pangkat

**1. Ang resulta ng Mean Score ng dalawang pangkat sa kanilang Panimulang Pagsusulit**

| Pangkat | Pagsusulit | Mean | Mean Difference |
|---|---|---|---|
| Ekspiremental | Panimula | 18.08 | 1.3 |
| Kontrolado | | 16.78 | |

Makikita sa talaan ng mga datos na sa panimulang pagsusulit ang mga nasa Pangkat ng Eksperimental ay nakakuha ng *mean score* na 18.08 habang ang nasa kontroladong pangkat ay nakakuha ng *mean score* na16.78. At batay dito ay may 1.3 dipirensya sa kanilang *mean score*

**2. Ang resulta ng Mean Score ng dalawang pangkat sa kanilang Panapos na Pagsusulit**

| Pangkat | Pagsusulit | Mean | Mean Difference |
|---|---|---|---|
| Ekspirement al | Panimula | 33.03 | 12.43 |
| Kontrolado | | 20.06 | |

Makikita sa talaan ng mga datos na sa panapos na pagsusulit ang mga nasa Pangkat ng Eksperimental ay nakakuha ng *mean score* na 33.03 habang ang nasa kontroladong pangkat ay nakakuha ng *mean score* na 20.60. At batay dito ay may 12.43 dipirensya sa kanilang *mean score*

Makikita batay sa dalawang talaan ng mga datos ang malaking kaibahan ng *mean score* ng dalawang pangkat, bagamat pareho namang tumaas ang iskor ay hindi maikakailang ang laki ng agwat at dipirensya ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental kumpara sa kontroladong pangkat matapos maisagawa ang panapos na pagsusulit.

Mayroon mabuting resulta sa *mean score* ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental matapos maisagawa ang aksyong pananaliksik na ito sapagkat mas lubos nilang naunawaan ang kabuuang konsepto at ideya ng nobela at mas madali nilang napag-uugnay ang mga pangyayari sa bawat kabanata kumpara sa mga nasa kontroladong pangkat.

**Pagkilala**

Ang tagumpay ng aksyong saliksik na ito ay hindi magiging posible kung walang tulong ng mga taong buong pusong sumuporta sa guro

Ang guro ay taus-pusong nagpapasalamat sa mga sumusunod:

Sa kanyang pamilya at mga kaibigan na walang sawang nagbigay ng suporta, pang-unawa at pagmamahal na lalong nagpalakas sa loob ng guro.

Kay **G. Jonar C. Olicia**, ang kanyang ulong-guro sa pagbibigay ng pahintulot na maisagawa ang aksyong saliksik na ito

Kay **G. Jayson Carl C. Esmasin,** ang koordineytor sa pagsasaliksik, sa kanyang walang sawang paggabay, pagbibigay ng mga suhestyon at pagtugon sa mga katanungan ng guro

Kay **Bb. Kristela Janine A. Hortal**, guro sa Matematika, sa pagtulong sa pagtutuos at mga usaping numero

Kay **G. Edward R. Manuel**, SEPS ng Planning and Research, sa kanyang pamumuno upang ang mga guro sa buong Dibisyon ng Binan ay makalikha ng kanya kanyang aksyong saliksik

At higit sa lahat, sa **Poong Maykapal,** na siyang nagbigay lakas, dunong at inspirasyon upang ang aksyong saliksik na ito ay maisakatuparan.

M.L.D.D

**Sanggunian**

Magbaleta,C.,Berdin E.&Alcaraz C. (1996).El Filibusterismo.JO-ES Publishing House, Inc.

K to 12 Gabay Pangkurikulum (Mayo 2016) file:///D:/Filipino%20CG_spideylab.com_2017.pdf

Guidelines on the Implementation of MELC PIVOT 4A Budget of Work (BOW) in All Learning Areas for Key Stages 1-3 file:///D:/NEW%20NORMAL/PIVOT%20BOW.pdf